
1

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 2: Ang Aking Pamilya




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 2: Ang Aking Pamilya**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Monette Y. Lopez, Ritchel F. Ramos, Krissia R.Valdez, Gregg Martin S. Dominia |
| **Editors:** | Lolita V. Lorenzo, Leonora L.Tuason, May Flor M. Viray |
| **Tagasuri:** | Elizabeth R. Berdadero, Robert T. Rustia, Rey A. Pascual |
| **Tagaguhit:** | Jay Michael A. Calipusan, |
| **Tagalapat:** | Jenelyn B. Butac, Jaylord Gallarde |
| **Tagapamahala:** | Benjamin D. Paragas, Octavio V. Cabasag, Rizalino G. Caronan, Romel B. Costales, Rey A. Pascual, Janette V. Bautista, Marivel G. Morales, Robert T. Rustia |

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

1

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 2:
## Ang Aking Pamilya

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan

## Alamin

Sa modyul na ito mailalarawan mo ang komposisyon, kaugalian, paniniwala at pinagmulan ng pamilya gayundin ang mga tungkulin at karapatan ng bawat kasapi nito. Ito rin ay makatutulong sa paglinang at paghubog sa kamalayan ng bawat bata upang magkaroon ng sariling pang-unawa at pagpapahalaga sa pamilyang kanyang kinagisnan.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang mailarawan ang sariling pamilya batay sa:

- komposisyon o miyembro ng pamilya
- kaugalian at paniniwala sa tahanan
- pinagmulan
- tungkulin at karapatan ng bawat kasapi ng pamilya

## *Subukin*

**Panuto:** Isulat ang **TAMA** kung ang pangungusap ay nagsasaad ng wastong kaisipan at **MALI** kung hindi.

_____________1. Ang pagtutulungan ng mag-anak sa tahanan ay nagdudulot ng kasiyahan.

_____________2. Bawat kasapi ng tahanan ay may karapatan at tungkulin na dapat gampanan.

_____________3. Sinisigawan ang nakakatandang kapatid kapag kinakausap.

_____________4. Magbigay galang at respeto sa bawat kasapi ng pamilya para sa maayos na pagsasamahan.

_____________5. Ang pagdarasal ng mag-anak ay nagpapakita ng pananampalataya sa Diyos.

Aralin 2

# Ang Aking Pamilya

Ang pamilya ang pinakamaliit na yunit ng komunidad. Ang bawat pamilya ay may iba't ibang pinagmulan, komposisyon, kaugalian at paniniwala. Dito unang nahuhubog ang kaisipan at ugali ng isang bata. Ano't anoman ang pinagmulan ng isang pamilya, iisa ang mithiin, ang mahubog ang bata na maging kapakipakinabang sa komunidad.

Mapananatili ang matatag na pamilya kung ginagampanan ng bawat miyembro ang kanilang tungkulin, may pagtutulungan, paggalang sa pananaw ng bawat isa, pagmamahalan at higit sa lahat may pananampalataya sa Panginoon.

## *Balikan*

**A. Panuto:** Iguhit ang larawan ng iyong pamilya.

**B. Panuto:** Punan ng tamang impormasyon ang patlang.

1. Ako si
   ____________________________________________.
2. Ang aking mga magulang ay sina
   ______________________
   at
   _______________________________________________.
3. Ang aking pamilya ay mayroong _______ (bilang) na babae.
4. Ang aking pamilya ay mayroong _______ (bilang) na lalaki.
5. Kami ay nabibilang sa ____________________ na pamilya. (maliit o malaki)

## Tuklasin

**A. Panuto:** Basahing mabuti ang kuwento.

### Pamilya Ko, Pamilya Mo

Akda ni: Monette Ylarde Lopez




Ako si Juan at ito ang aking pamilya. Sina Tatay at Nanay ang nangunguna sa gawaing bahay. Sina Ate at Kuya ay masaya ring nakikisabay.

Ako naman ay inuutusan at kusa ko itong ginagampanan. Tapos agad ang mga gawain at sabay-sabay kaming kumakain.


May oras ng pag-aaral, paglalaro at pagkukwentuhan. Ang buong maghapon ay payapa, maayos at may kabuluhan. Ganyan kami araw-araw sa aming munting tahanan.

Samantala, sa may bintana, tanaw ko ang isang pamilya. Ang batang katulad ko ay malungkot ang kanyang mukha. Nitong umaga, lahat ay hindi nagkakasundo.

Sa panunuod ng telebisyon at paglalaro ng *cellphone* laging nag-aagawan. Mga gawain sa tahanan ay ‘di tapos kaya naman ang kanyang Nanay ay laging pagod.



Nang sabay-sabay kumain, pinag-usapan nila ang suliranin. Kinabukasan, susubukan na nilang hatiin ang lahat ng gawain.



Bawat pamilya ay ‘di magkatulad. Ang lahat ay may pagkakaiba sa kaugalian at paniniwala batay sa ating pamilyang kinagisnan.

Ngayon ko naisip na mas maganda ang pamilyang pinagbubuklod ng may pagmamahalan, pagtutulungan at paggalang sa bawat isa.

**B. Panuto:** Bilugan ang titik ng tamang sagot sa bawat tanong.


1. Ano ang katangian o kaugalian ang ipinapakita sa unang pamilyang nabanggit sa kuwento?
   A. matulungin
   B. magaling
   C. maiingay
   D. mayayabang

2. Ano naman ang katangian o kaugalian ang ipinakita sa ikalawang pamilyang nabanggit sa kuwento?
   A. masayahin
   B. magalang
   C. magulo
   D. maasahan

3. Ano ang kahalagahang maidudulot kung magtutulong-tulong sa gawain ang pamilya?
   A. Ang gawain ay lalong dumarami.
   B. Madaling matatapos ang gawain.
   C. Lalong magiging marumi ang bahay.
   D. Ang buong pamilya ay magulo.

## Suriin

**Panuto:** Basahin at unawain. Ang mga larawan ay nagpapakita ng kaugalian at paniniwala ng isang pamilya na ating kinagisnan.



Ang pamilya ay ang pinakamaliit na yunit ng ating komunidad. Ito ay binubuo ng tatay,nanay at mga anak. Minsan kasama sa tahanan ang mga lolo at lola na tinatawag na *extended family*.

Sa loob ng tahanan nahuhubog ang mga magagandang kaugalian at paniniwala. Dito unang natututunan ng mga bata ang pagbibigayan, pagtutulungan at pagbibigay galang gaya ng pagmamano at pagsabi ng po at opo sa nakatatanda. Itinuturorinsatahananangpagmamahalanathigitsa lahat ang pananampalataya sa Diyos.


Ang bawat karapatan ng kasapi ng pamilya ay may kaangkop na tungkulin na dapat gampanan upang maging maayos at masaya ang buong mag-anak. Itinuturo ang pagbibigay respeto sa katungkulan ng bawat isa. Ang pagkukusang–loob na gawin ang bawat


tungkulin ay nakatutulong sa pag-unlad ng pagkatao ng bata na siyang lumilinang sa kanyang mga kakayahan o talento.


Malaki ang bahagi ng pamilya sa paghubog ng ating pagkatao sapagkat ang mga kaugalian na nakasanayan natin sa tahanan ay ang mga kaugaliang mabibitbit natin hanggang sa ating pagtanda.


## *Pagyamanin*

**Panuto:** Lagyan ng tsek ( ✓ ) ang kahon na nagpapakita ng kahalagahan sa pamilya batay sa kaugalian at paniniwala at ekis ( ✖ ) kung hindi.





## *Isaisip*




**Panuto:** Basahin at unawain ang kaisipan.

Ang ating pamilya ang pinakamailiit na yunit ng ating lipunan. Ito ay binubuo ng ama, ina at mga anak. Minsan kasama ang lolo at lola, tiyo, tiya at mga pinsan sa tahanan. Ang bawat kasapi ng pamilya ay may bahaging dapat gampanan. Tandaan na ang bawat pamilya ay may natatanging kaugalian at paniniwala. Magkakaiba tayo sa ating kinagisnan o kinalakihan mula sa pananalita at mga gawi. Ang bawat pamilya ay mayroong magagandang katangian at kaugalian kanilang ipinagmamalaki. Ang mga ito ay dapat unawain, igalang at pahalagahan dahil ang mga ito ay makatutulong sa paghubog ng ating pagkatao.

# *Isagawa*


**Panuto:** Gumupit o gumuhit ng larawan ng bawat miyembro ng iyong pamilya at idikit ito sa wastong kahon upang mabuo ang iyong "Tala ng Angkan o *Family Tree*". Isulat sa ilalaim ng larawan ang katangian ng bawat miyembro ng iyongpamilya.



## *Tayahin*

**Panuto:** Kulayan ang larawan ng pamilyang nagpapakita ng pagmamahalan, pagtutulungan at paggalang sa bawat miyembro ng pamilya.


1




2



3




4



## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Isulat sa "Aklat ng Buhay" ang mga magagandang katangiang dapat mayroon ang isang pamilya upang mapanatili itong masaya at matatag.

**Kaugalian at Paniniwala ng Aking Pamilya**



# Susi sa Pagwawasto

| Subukin | Pagyamanin | Tanong sa Kwento |
|---|---|---|
| 1. Tama | 1. ✓ | 1. A |
| 2. Tama | 2. ✗ | 2. C |
| 3. Mali | 3. ✓ | 3. B |
| 4. Tama | 4. ✓ | |
| 5. Tama | 5. ✓ | |

**Tayahin**

Larawan 1: Pamilyang may pagmamahal
Larawan 2: Pamilyang may pagkakaisa
Larawan 4: Pamilyang mapagbigay

**Karagdagang Gawain**

Ang kasagutan ay base sa karanasan ng bata; masaya, malunkot, nagtutulungan, nagmamahalan, nagkakaisa, at iba pa.

## *Sanggunian*

K to 12 Gabay Pangkurikulum Araling Panlipunan Baitang 1-10. (2016).

Adriano, Ma. Corazon V., et al. (2017). Araling Panlipunan Kagamitan ng Mag-aaral (Tagalog) Unang Baitang, Geumcheongu, Seoul, Korea

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph